

## Mga Pagbabago para sa mga Taong May Naunang Napatunayang Krimeng Kaugnay ng Droga:

Pagsapit ng ika-1 ng Abril, 2015, ang mga programang CalWORKs at CalFresh ay magpapahintulot sa mga taong may napatunayang krimeng kaugnay ng droga na makakuha ng mga benepisyo. Ito ay nangangahulugang ang mga taong pinagkaitan o nawalan ng mga benepisyo dahil sa isang napatunayang krimen ay maaaring kumuha ng mga karagdagang benepisyo. Ang mga magulang ay awtomatikong idinaragdag sa CalWORKs Assistance Unit (AU). Sasabihin sa iyo ng County kung ito ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon upang iproseso ang taong ito para sa mga benepisyo.

Ang mga magulang na panguman o tiyahin at tiyahin na maaaring piliin at hindi pa bahagi ng iyong AU ay maaari pa ring idagdag pero kakailanganin mong makipag-ugnayan sa County kung gusto mo ng mga benepisyo para sa isang magulang na panguman o nakarehistrong kinakasama o domestic partner

Tulad ng ibang mga taong tumatanggap ng CalWORKs at CalFresh, ang mga taong may mga napatunayang krimen na kaugnay ng droga na nasa parol o probasyon ay dapat sumunod sa mga tuntuhin ng kanilang parol o probasyon, kabilang ang inaprobahang mga planong paggamot na kaugnay ng droga, kung ito ay bahagi ng parol o probasyon ng tao.

**Tatanggap ka ng Paunawa ng Aksiyon sa Marso na nagpapakita ng bagong halaga ng iyong mga benepisyo simula sa ika-1 ng Abril.**

---

## Mga Pagbabago sa CalFresh:

Ang pagdaragdag ng isang tao sa sambahayan na nasa CalFresh ay pangkaraniwang nagbibigay sa inyo ng mga karagdagang benepisyong pagkain. Kung ang tao ay idinagdag din sa CalWORKs, at ang tulong na pera ay nadagdagan, ang mga benepisyo ng CalFresh ay maaaring mabawasan. **Tatanggap ka ng isang nakahiwalay na paunawa kung ang iyong mga benepisyo ng CalFresh ay nagbago.**

---

## Welfare-to-Work:

Ang pagdaragdag ng isang nasa hustong gulang sa CalWORKs ay maaaring magbago sa mga iniaatas na trabaho para sa pamilya. Ang mga tinutulungang nasa hustong gulang ay dapat magtrabaho o gumawa ng mga aktibidad na maaaring mauwi sa trabaho. Ang ilang mga tao ay maaaring pahintulatang hindi gumawa (hindi saklawin) ng iniaatas na trabaho. Ang mga taong may naunang napatunayang krimen na kaugnay ng droga na idinagdag sa iyong AU simula sa ika-1 ng Abril, 2015 ay maaaring atasan na lumahok sa programang Welfare-to-Work (WTW). Ang mga taong hindi inaatasang gumawa ng WTW ay maaaring magboluntaryo.

Ang programang WTW ay maaaring magbigay sa iyo ng edukasyon, pagsasanay, at mga kasanayan sa trabaho upang makatulong sa iyo na makahanap ng trabaho. Ang County ay tutulong din sa iyo na mag-ayos at magbayad para sa pag-aalaga ng bata. Matatanggap mo rin ang mga gastos sa transportasyon at iba pang mga gastos, tulad ng mga espesyal na kasangkapan o damit, na kailangan mo upang makakuha ng trabaho o gawin ang iyong programang WTW. Kung ang iyong pamilya ay nasa krisis, tulad ng kawalan ng bahay o mga problema ng pamilya, maaari ring magawa ng CalWORKs na mabigyan ka ng mga espesyal na serbisyo.

Kung ikaw ay inaatasang gumawa ng WTW, at hindi ginawa ang iniaatas na trabaho, ang iyong tulong na pera ay maaaring bawasan. Ang County ay magpapadala sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga iniaatas na trabaho ng CalWORKs. Ito ay magpapadala rin sa iyo ng isang porma upang humiling ng isang pagkalibre mula sa mga iniaatas ng WTW.

---

## Pag-aalaga ng Bata:

Ang mga nasa hustong gulang na tumatanggap ng mga benepisyo ng CalWORKs ay maaaring tumanggap ng mga serbisyong pag-aalaga ng bata kung sila ay nagtatrabaho o gumagawa ng aktibidad ng WTW. Kung ang iyong anak ay kasalukuyang tumatanggap ng pag-aalaga ng bata at sinimulan mo ang pagkuha ng CalWORKs, hindi kailangang baguhin ang mga tagapagkaloob ng pag-aalaga ng bata, lalo na kung ang iyong tagapagkaloob ay tatanggap ng mga pagbabayad sa pag-aalaga ng bata ng CalWORKs.

**Makipag-ugnayan sa County upang talakayin ang kahandaan ng mga mapipiling pag-aalaga ng bata na maaaring karapat-dapat ka.**

---

## Suporta sa Anak:

Ang mga nasa hustong gulang na tumatanggap ng CalWORKs ay dapat makipagtulungan sa pagkolekta ng suporta sa anak para sa mga batang nasa CalWORKs. Ang suporta sa anak na nakolekta ay dapat ibayad sa county. Iyon ay nangangahulugang kapag ang iyong kaso ay inirekomenda sa mga serbisyo sa suporta sa anak ikaw ay tatanggap ng pinakamataas na \$50 kada buwan sa suporta sa anak. Ang \$50 na ito ay hindi ibibilang na kasama ng gawad sa iyo. Ang natitira sa iyong suporta sa anak ay ginagamit upang bayaran ang iyong tulong na pera.

**Makipag-ugnayan sa County kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa mga pagbabago sa iyong suporta sa anak o kung ang iyong pamilya ay manganganib kung ang suporta sa anak ay kolektahin.**